**Pampublikong Kautusan ng Glendale Bilang 2020-10**

**Sa Ilalim ng Pang-Emerhensiyang Awtoridad ng Lungsod ng Glendale**

**Petsa ng Paglathala: Hunyo 16, 2020**

**Pagtanggal sa mga Permit Fee para sa Outdoor Dining**

**Samantalang** noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng lokal na emerhensiya. Kinailangan ito dahil sa lumulubhang pag-aalala sa Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng bagong coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos na paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam, mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan. Ang bilang ng mga kumpirmadong kaso ay patuloy na tumataas sa loob ng maikling panahon. Ipinapayo sa atin ng Centers for Disease Control and Prevention na ang COVID-19 ay mabilis na kumakalat sa bawat tao kaya ito ay naglabas ng mga alituntuning nagrerekomenda sa publiko na sumunod sa mga patakaran at magpanatili ng social distancing o pagpapanatili ng distansya sa kapwa hanggang maaari. Bilang karagdagan, nagpalabas ang Konseho ng Lungsod noong Marso 16, 2020 na isara at limitahan ang access sa ilang mga pampublikong establisimiyento;

**Samantalang** ang Lungsod ng Glendale ay mas matinding nagsisikap na mapanatili ang kalinisan ng kamay, maingat na pamantayan sa paghinga, at social distancing. Lubhang kritikal na gawin ng Lungsod ang lahat ng kanyang makakaya upang mapabagal ang pagkalat sa komunidad at maiwasan ang hindi kinakailangang pahirap sa sistemang medikal. Upang makatulong sa mga pagsisikap, sa ilalim ng emerhensiyang awtoridad na ibinigay sa Direktor ng Serbisyong pang-Emerhensiya alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, upang gumawa at mag-isyu ng mga patakaran at regulasyon sa mga bagay na makatuwirang may kaugnayan sa proteksyon ng buhay at pag-aaring naaapektuhan ng naturang emerhensiya, iniutos na ang isang serye ng pansamantalang mga paghihigpit ay ipatupad sa ilang establisimiyento sa buong Lungsod ng Glendale kung saan ang malaking bilang ng mga tao ay may maaaring magtipon at manatiling magkakalapit;

**Samantalang** noong Marso 4, 2020, ang Board of Supervisors ng Los Angeles County at ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ay nag-deklara ng lokal at pampublikong pangkalusugang emerhensiya upang tumugon sa tumaas na paglaganap ng corona virus sa buong bansa; at ang Konseho ng Lungsod ng Glendale ay nagpatibay ng Resolusyon Blg. 20-29 na ayon sa Country's Safer at Home Orders, na nagpasarado sa lahat ng lugar kainan at restawran, maliban lamang sa delivery at take-out na pagkain.

**Samantalang** noong Mayo 15, 2020 ang Resolusyon Blg. 20-29 ng Glendale na may kinalaman sa mga restawran, mga bar, mga nightclub, atbp. ay nawalan na ng bias at ang mga nasabing negosyo at mga aktibidad ay patuloy na kinokontrol sa ilalim ng Safer at Home Orders.

**Samantalang,** noong Mayo 26, 2020 binago ang Safer at Home Orders upang mapayagan ang parsiyal na pagbubukas ng mga restawran para sa dine-in at parsiyal na in-store shopping sa mga retail na mga tindahan kung masusunod nila ang mga takdang protokol ng county;

**Samantalang** ang Lungsod ng Glendale ay gumagawa ng mga hakbang upang direktang makatulong sa lokal na ekonomiya bilang tugon sa epekto sa kabuhayan na dala ng COVID -19 sa pamamagitan ng pagbuo ng Busines Recovery Task Force at pakikipagpulong sa higit sa 40 kapitalista na kumakatawan sa mga importanteng sangay ng negosyo sa Glendale, kasama ang retail, hospitality, mga opisina at tagapangalaga ng kalusugan;

**Samantalang,** pinag-aaralan ng mga miyembro ng Task Force ang mga paraan kung paano masusuportahan ng Lungsod ang mga lokal na negosyo, kabilang ang mga rekomendasyong pagpapatupad ng Al Fresco program na nagbubukas ng mga pribadong lugar paradahan, mga lugar paradahan sa kahabaan ng kalsada at mga sidewalk para sa karagdagang kainan sa labas at potensiyal na lugar para sa mga retail na aktibidad sa hinaharap ("Al Fresco Program"); at

**Samantalang,** ang pagpapatupad ng Al Fresco Program ay pakikinabangan ng mga negosyo sa Lungsod at ng mga residente sa pamamagitan ng pagtulong sa mga restawran na mapalawak ang outdoor dining upang mapabilis ang pagbangon ng ekonomiya habang dahan-dahang ipinatutupad ang mga kautusan ng Reopening Safer at Work and in the Community;

**Kaya Ngayon,** sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob alinsunod sa Kabanata 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Direktor ng Emergency Services ay naglabas ng mga sumusunod na kautusan, na may agad na bisa hanggang Agosto 31, 2020:

**Seksiyon 1.** Para sa mga negosyong restawran na nagbago ng paraan ng pagnenegosyo bilang tugon sa mga pagsisikap na makabangon sa COVID -19 at nangangailangan ng pansamantalang sertipikasyon ng occupancy permit upang maipatupad ang mga pagbabagong yaon sa operasyon na tinutukoy sa ibaba, ang bayad sa permit ay tinatanggal:

- **Pansamantalang Sertipikasyon ng Occupancy Permit – Kailangan para sa mga kahilingang magamit ang mga pribadong paradahan upang magkaroon ng outdoor dining:** ang minimum na bayad ay $166 kada oras. Karaniwang oras na sinisingil ay 3 hanggang 4 na oras. Hindi sisingilin ang fee na ito sa mga restawrang nagsumite ng waiver sa dahilang epekto ng COVID -19. Ang ibang aplikante para sa pansamantalang sertipikasyon ng occupancy para sa iba pang mga gawain, bukod sa outdoor dining, ay mananatiling sakop ng ipinatutupad na fees.
    - Ang mga permisong inilabas sa ilalim ng kautusang ito ay awtomatikong mawawalan ng bisa sa Disyembre 31, 2020.

- **Permiso – Kailangan para sa kainan sa sidewalk at park/et (mga nasa paradahan sa kalsada):** Ang fee ay $233 dagdag pa ang taunang bayad sa Lisensiya na $2.23 bawat square feet.
    - Ang mga fee ay hindi na sisingilin para sa mga restawrang may aplikasyon sa waiver sa dahilang epekto ng COVID -19.
    - Ang mga permisong inilabas sa ilalim ng kautusang ito ay awtomatikong mawawalan ng bisa sa Disyembre 31, 2020.

Araw ng June 16, 2020
sa Oras: 1:05 pm

Ni: (Lagda)
Yasmin K. Beers
Direktor ng Pang-Emerhensiyang Serbisyo

Inaprubahan bilang Porma:
MICHAEL J. GARCIA , ABOGADO NG LUNGSOD

Ni: (Lagda)
Titulo: Abogado ng Lungsod
Petsa: 6/16/2020